# Mga Kinakailangang Dokumento para sa Pag-reimburse ng Gas Mileage

## Pag-reimburse ng Gas Mileage

Maaaring mabayaran para sa gas mileage ang iyong kaibigan o kapamilya para sa paggamit sa kanyang sasakyan para dalhin ka sa iyong mga pagbisitang pangkalusugan na saklaw ng Medi-Cal. Dapat na matanggap ng Mga Serbisyo sa Transportasyon ang mga dokumentong nakalista sa ibaba para maproseso ang mga pagbabayad. Kilala rin ang mga dokumentong ito bilang mga kredensyal sa pagmamaneho:

- Balidong lisensya sa pagmamaneho
- Balidong pagpaparehistro ng sasakyan
- Balidong insurance ng sasakyan

**Kung mga mali o na-expire na dokumento ang matatanggap ng Mga Serbisyo sa Transportasyon, makikipag-ugnayan ang isang miyembro ng team sa iyo o sa iyong payee (ang drayber) para sa mga tamang dokumento.**

Kapag pumunta ka na sa iyong pagbisitang pangkalusugan, mayroon kang 90 araw para magpasa ng dokumento ng katunayan ng pagpunta upang maproseso ang iyong pagbabayad. Dapat na ipakita sa dokumento ang petsa ng pagbisitang pangkalusugan na kailangang bayaran sa iyo. Kasama sa mga halimbawa ng mga aprubadong dokumento ng pagpunta ang, pero hindi limitado sa:

- Mga tagubilin pagka-discharge
- Screenshot o printout mula sa iyong online na portal ng pasyente
- Nilagdaang tala mula sa kawani ng medikal na opisina

## Paano magpapasa ng Mga Kinakailangang Dokumento

Maaaring ipadala ang lahat ng dokumento sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Transportasyon ng Partnership sa pamamagitan ng e-mail, fax, koreo, o sa personal.

- E-mail: mytrip@partnershiphp.org
- Fax: (707) 420-7863
- Koreo: Partnership HealthPlan of California
  Attn: Transportation Services
  2525 Airpark Drive, Redding, CA 96001
- Sa personal sa:
  Partnership Redding Office
  2525 Airpark Drive, Redding, CA 96001

TRAN007_080223